MJSIR
Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research
PRINT ISSN: 2619-7855
ONLINE ISSN: 2651-7744
January-June 2026 • 86 (1) : 125-140

# Titser-Nanay: Papel ng mga Inang Katuwang sa Pagtuturo at Pagkatuto

**Felisa D. Marbella**

*Sorsogon State University*
*Email address: felisa.marbella@sorsu.edu.ph*

ARTICLE INFO

*Date Received: 09-08-2025*
*Date Last Revised: 12-17-2025*
*Date Accepted: 02-06-2026*

SUSING SALITA

*Titser-nanay*
*Ina sa bahay*
*Guro sa buhay*
*Gampanin*
*Katuwang*
*Pagtuturo*
*Pagkatuto*

KEYWORDS

*Teacher-mother*
*Stay-at-home mom*
*Life educator*
*Role*
*Partner*
*Teaching*
*Learning*

**Abstrak**

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang papel ng mga inang katuwang sa pagtuturo at pagkatuto ng mga anak. Deskriptib-kuwalitatib ang disenyo ng pag-aaral. Purposive random sampling ang ginamit sa pagpili ng 20 inang walang pormal na karanasan bilang guro na may anak sa elementarya (Kinder-Grade 6). Ginamit ang *semi-structured interview guide* sa pakikipanayam sa 15 nanay nang harapan at limang (5) onlayn. Bawat panayam ay tumagal ng 30-45 minuto. Ang pag-uusap ay nirekord at itinala (may pahintulot ng kalahok). Kinapanayam din ang dalawang (2) guro. Humingi ng pahintulot (informed consent form) sa mga impormante bago ang panayam. Ang mga datos ay sinuri gamit ang tematik-analisis. Iba't ibang gampanin ng titser-nanay sa pagiging katuwang niila sa paaralan sa holistikong pag-unlad ng bata, at sa pagtataguyod ng edukasyon sa loob ng tahanan. Ang ina ay hindi lamang katuwang ng paaralan kundi isa ring mahalagang tagapagturo sa tahanan na may direktang impluwensiya sa paghubog ng kinabukasan ng kabataan. Gayunpaman mahalagang mabigyang-suporta sila sa aspeto ng kaalaman, kagamitan, at emosyonal na kalagayan. Inirerekomenda upang mapalakas ang kanilang pagiging epektibong tagapagturo ang: pagbibigay ng angkop na pagsasanay at kaalaman, paglalaan ng sapat ng mga learning resources o materyal, pagsuporta sa emosyonal at sikolohikal na kalagayan ng mga ina, pagpapalakas ng koordinasyon sa pagitan ng paaralan at pamilya, pagtataguyod ng suportang komunidad.

**Abstract**

*The objective of this study is to identify the role of mothers as partners in the teaching and learning process of their children. The study employed a descriptive-qualitative research design. Random sampling was used to select 20 mothers without formal teaching experience who have children in elementary school (Kinder to Grade 6). A semi-structured interview guide was utilized during interviews with 15 mothers conducted face-to-face, and five (5) online. Each interview lasted between 30 to 45 minutes. The conversations were recorded and documented (with the participants' consent). Two (2) teachers were also interviewed. Informed consent was obtained from all informants prior to the interviews. The data were analyzed using thematic analysis.*

*The study revealed various roles played by teacher-mothers as partners of schools in the holistic development of children and in promoting education*

This work is licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial 4.0 International License.

*within the home. The mother is not just a partner of the school but also a significant educator at home who directly influences the shaping of a child's future. However, it is essential to support them in terms of knowledge, resources, and emotional well-being. Recommendations to strengthen their effectiveness as home educators include: providing appropriate training and knowledge, allocating sufficient learning resources or materials, supporting the emotional and psychological well-being of mothers, enhancing coordination between schools and families, and promoting community support.*

## Pambungad

Ang taong pinapapahalagahan sa lahat ng nilalang sa bawat lipunan ay ang isang ina. Sa iba't ibang panig ng mundo, kinikilala, at iginagalang ang kanyang mahalagang papel hindi lamang sa loob ng tahanan kundi maging sa mas malawak na komunidad. Sinabi nga ni James (2020) sa artikulo na "Why mothers are important to society", sinasabing ang pamilya partikular na ang isang ina ang "fundamental building block of society." Ipinapaliwanag dito na sa tahanan nagsisimula ang paghubog ng mga bagong henerasyon, moralidad, responsibilidad, at mga pagpapahalaga sa isang lipunan. Ang kanyang pagmamahal, sakripisyo, at walang sawang pag-aaruga ay nagbibigay-buhay at pag-asa sa bawat pamilya. Dahil dito, ang pagpapahalaga sa ina ay isang pandaigdigang paniniwala na nagpapakita ng pagkakaisa ng iba't ibang kultura sa pagkilala sa kahalagahan ng pagiging ina.

Sa kulturang Pilipino, ang papel ng ina bilang tagapangalaga ng tahanan ay napakahalaga. Subalit, dahil sa pagbabago sa lipunan tulad ng globalisasyon, teknolohiya, migrasyon, pagbabago sa istruktura ng pamilya, marami sa mga ina ngayon ang hindi lang napapanatili ng bahay kundi aktibong nakikilahok sa edukasyon, moralidad, paghubog ng pagkatao, at iba't ibang katangian ng pagkatuto ng kanilang mga anak.

Ang ina ay matagal nang tinaguriang "ilaw ng tahanan," isang metapora na nagpapakita ng kanyang mahalagang papel bilang tagapagbigay-liwanag at gabay sa loob ng pamilya. Ayon ng sa Attachment Theory (Bowlby, 1969a & 1969b) sinasabing ang ina (primary caregiver) ang pundasyon ng tiwala, seguridad, at katatagan ng emosyon ng bata. Siya ang unang "secure base" na nagbibigay-liwanag sa moral, sosyal, at emosyonal na paglago ng bata. Ito ang modernong akademikong batayan na nagpapatunay na ang ina ang "ilaw" sentro ng gabay at emosyonal na lakas sa loob ng tahanan. Sa kasalukuyan, ang papel ng ina sa tahanan ay patuloy na mahalaga at mas malawak kaysa dati. Bukod sa pagiging ilaw ng tahanan, siya rin ay katuwang sa paghahanapbuhay, tagapangalaga ng emosyonal na kalagayan ng pamilya, at pangunahing tagapagturo ng mga asal at pagpapahalaga. Ang mga ina ngayon ay may kakayahang pagsabayin ang mga gawaing bahay, propesyonal na tungkulin, at ang pangangalaga sa mga anak, na nagpapakita ng kanilang lakas, dedikasyon, at pagiging responsable.

Ang modernong panahon ay nagdulot ng maraming pagbabago sa papel ng ina. Hindi na lamang siya limitado sa gawaing bahay; siya ay aktibong kalahok na rin sa pagtuturo. Hindi na lamang mga guro sa paaralan ang may tungkuling magturo. Sa bahay pa lamang, ang ina ay siyang unang guro ng bata. Tinuturuan niya ang anak ng wika, asal, at tamang pag-uugali. Ginagabayan din ng mga ina ang anak. Ang mga ina ay hindi na basta-basta nagpaparusa kapag nagkamali ang anak. Sa halip, mas ginagamit nila ngayon ang mahinahong paraan ng paggabay tulad ng pakikipag-usap, pag-unawa sa damdamin, at pagbibigay ng suporta. Isa ito sa positibong pagbabagong dulot ng modernong pananaw sa pagpapalaki ng bata, kung saan binibigyang halaga ang emosyonal na aspekto ng anak. Ang ideyang ito ay makikita sa teoryang nabuo ni Bowlby (1969) nagsasaad na ang emosyonal na ugnayan sa pagitan ng isang bata at ng kanyang pangunahing tagapag-alaga, karaniwan ay ang ina ay napakahalaga sa pag-unlad ng bata sa aspetong emosyonal, sosyal, at kognitibo.

Ang ina rin ay may malaking papel sa paghubog ng pagkatao ng isang bata. Sa pamamagitan ng kanyang halimbawa, asal, at pakikitungo, natututo ang bata kung paano makisama, magpakita ng respeto, at magkaroon ng disiplina. Ang ina ay nagsisilbing modelo kung paano maging mabuting tao, mula sa simpleng paggalang sa matatanda hanggang sa mas malalim na pagpapahalaga sa edukasyon, pananampalataya, at pananagutan. Ang ganitong gawi ng ina ay pinatunayan ng teorya ni Bandura (1977) na nagpapaliwanag na natututo ang mga tao, lalo na ang mga bata, sa pamamagitan ng pagmamasid (observation), paggaya (imitation), at panonood ng mga kilos ng ibang tao (modeling). Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng pagmamasid at paggaya. Kaya ang mga pagkilos,

gawi, pagpapahalaga ng ina ay mahalagang "modelo" o halimbawa para sa mga bata.

Mahalagang pagtuunan ng pansin ang papel ng ina sa edukasyon ng anak, sapagkat siya ang pinakamalapit sa bata sa mga unang yugto ng buhay nito. Sa kanya unang natutunan ng anak ang salitang "mahal kita," ang pagdarasal, ang paggalang, at ang kahalagahan ng sipag at tiyaga. Ito ang pundasyon ng pormal na edukasyon na matatanggap ng bata sa paaralan. Tulad nga ng nakasaad sa teorya ni Bronfenbrenner (1979), natukoy na ang ina bilang pangunahing tagapag-alaga ay may direktang impluwensya sa emosyonal, sosyal, at kognitibong pag-unlad ng kanyang anak. Ang interaksyon ng ina at bata tulad ng pag-aaruga, pakikipag-usap, paglalaro, pagdidisiplina, at pagtuturo ng asal ay nagsisilbing pundasyon ng pagkatuto ng bata bago pa man siya pumasok sa paaralan.

Ang mga batang may aktibong inang gumagabay sa kanilang pag-aaral ay kadalasang mas mataas ang antas ng kumpiyansa sa sarili, may mas maayos na asal, at mas mahusay sa akademikong larangan. Kapag nararamdaman ng bata na sinusuportahan siya ng ina, tumataas ang kanyang motibasyon at tiwala sa sarili. Ang ina ay nagiging sandigan hindi lamang sa praktikal na aspekto ng pag-aaral tulad ng paggawa ng takdang aralin, kundi pati na rin sa moral at emosyonal na aspekto, tulad ng pagharap sa mga hamon at pagkabigo.

Bukod dito, ang pakikipagtulungan ng ina sa mga guro, ang aktibong pakikilahok sa mga paaralang gawain, at ang pakikinig sa pangangailangan ng anak ay nagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng tahanan at paaralan. Isang mahalagang askpeto upang maging matagumpay ang edukasyon ng bata. Ayon nga sa teorya ni Knowles (1950) bagaman ang kanyang pangunahing pokus ay nasa *adult education,* malinaw niyang ipinakita na ang pagkatuto ay hindi lamang nakasalalay sa paaralan o pormal na edukasyon. Sa kanyang teorya, inilarawan niya ang *informal education* bilang nagaganap habang nakikisalamuha sa kapwa o sa kapaligiran, hindi planado o pormal, ngunit may makabuluhang epekto sa pag-uugali, pananaw, at kaalaman, at batay sa karanasan, obserbasyon, at interaksyon, tulad ng ginagawa sa bahay.

Ang pakikilahok ng ina bilang titser-nanay ay malaking tulong sa pagkamit ng edukasyon ng isang bata. Sa naging pag-aaral ni Bartolome (2022) tinukoy rito ang pananaw ng mga bata sa Kindergarten kung paano nakikilahok ang kanilang mga magulang sa pagkatuto, kasama sa tahanan. Ang ina sa makabagong panahon ay hindi na lamang isang simpleng tagapangalaga ng tahanan. Siya ay isang guro, gabay, tagapayo, at katuwang sa paghubog ng susunod na henerasyon. Sa harap ng mga hamon ng modernong buhay, patuloy niyang ipinapakita ang kanyang lakas, talino, at kakayahang magmahal. Kaya't mahalaga ang patuloy na pag-aaral at pagbibigay-halaga sa kanyang papel, hindi lamang bilang ina kundi bilang isang huwaran ng makabagong Pilipina.

Layunin sa pag-aaral na ito na matukoy ang papel ng mga inang katuwang sa pagtuturo at pagkatuto ng mga anak. Sinagot nito ang sumusunod: 1) ano ang gampanin ng mga titser-nanay sa pagtuturo sa kanilang mga anak 2) ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga ina upang maturuan at magabayan ang kanilang mga anak sa kanilang pag-aaral 3) ano ang mga hamon o balakid na kinakaharap ng mga ina sa pagtuturo ng kanilang mga anak sa bahay 4) anong rekomendasyon sa mga magulang at tagapangalaga kung paano pa mas mapabuti ang suporta sa edukasyon ng mga bata sa tahanan kahit wala ng pormal na pagsasanay bilang isang guro.

## Metodo ng Pananaliksik

Deskriptib-kuwalitatib ang disenyo ng pag-aaral. Ginamit ang purposive random sampling sa pag-aaral sa pagpili ng 20 impormante sa pamamagitan ng dalawang hakbang: una, may katangiang akma sa layunin ng pananaliksik, ang tanging kwalipikado ay mga ina, walang pormal na karanasan bilang guro, may isa o higit pang anak na kasalukuyang nag-aaral sa elementarya (Kinder–Grade 6), at residente ng Lungsod Sorsogon. Ikalawa, matapos matukoy ang listahan ng mga ina na pasok sa krayterya, saka isinasagawa ang random seleksyon, mula sa listahang may 40 na ina, kinuha ang pangalang ng 20 ina sa pamamagitan ng pagtukoy kung sino ang mga magulang na nasa bilang na even numbers. Nagpaalam ang mananaliksik na mabigyan ng listahan sa kung sino ang mga magulang na nasa even numbers, mula 2 hangang 40. Ipinawasto ang mga katanungan sa pitong (7) nanay at pitong (7) guro mula kinder-grade 6. Isinagawa ang content validity para masiguro na lahat ng tanong ay

sumasaklaw sa mga layunin ng pananaliksik at walang mahalagang aspeto na nakaligtaan. Face validity sa pamamagitan ng paghingi ng tulong sa kapawa mananaliksik para tingnan kung ang mga tanong ay malinaw, wasto, at madaling unawain ng impormante. Binigyang-kunsiderasyon din ang construct validity upang maasiguro na ang instrumento tunay na sumusukat sa konsepto (hal. papel ng ina sa pagkatuto). Binigyang-diin din ang reliability bilang sukatan kung gaano pare-pareho at konsistent ang instrumento sa pagbibigay ng datos. Nagsagawa rin ng test-retest reliability upang masiguro na pareho ang sagot ng kalahok kung iuulit ang panayam pagkatapos ng ilang araw. Binigyang-kunsiderasyon ang mga mungkahi at suhestiyon sa pagwawastong ginawa. Ang winastong semi-structured interview guide ang nagsilbing instrumento sa pagkuha ng mga kasagutan. Nilalaman nito ang: karanasan sa pagtuturo sa anak, mga hamong kinakaharap, mga estratehiyang ginagamit, epekto sa relasyon ng mag-ina, pananaw nila sa kanilang papel bilang guro sa tahanan. Isinagawa ang panayam sa 15 nanay nang harapan sa paaralan habang nag-aantay sa kanilang mga anak at limang (5) onlayn sa pamamagitan ng facebook. Bawat panayam ay tumagal ng 30-45 miunuto. Ang pag-uusap ay nirekord at itinala (may pahintulot ng kalahok). Kinapanayam din ang dalawang (2) guro upang malaman ang nagagawang tulong ng pagtuturo na ginagawa ng magulang. Isinagawa ang pagkuha ng datos mula Pebrero 1-Hulyo 30, 2025 (anim na buwan). Ang naging kasagutan ng mga guro ay nagsilbing karagdagang datos na ginamit sa pag-aaral. Humingi ng pahintulot (informed consent form) sa mga impormante bago ang panayam. Gumamit ng coding para maprotektahan ng pagkakakilanlan. Tiniyak ang kanilang pagkakakilanlan na mananatiling lihim. Ginamit ang tematik-analisis ang: pagkalap at pamilyarisasyon ng datos, paunang pagmamarka (initial coding), pagbuo ng mga codes pagsama-sama ng magkakaugnay, pagsusuri at pagpipino ng mga tema, pagbibigay -kahulugan at pagpapangalan ng tema at paglalahad at pag-uulat ng resulta. Ginawa ito upang matukoy ang mga gampanin ng mga inang guro, estratehiyang ginamit para maturuan ang mga anak, at mga balakid na kinaharap ng mga gurong ina sa pagtuturo.

## Paglalahad ng Resulta ng Pananaliksik

Natuklasan ng pag-aaral na ito ang mga gampanin ng mga inang hindi guro. Ang mga gampaning ito ay nakatulong sa pag-aaral na ginagawa ng mga bata gayundin sa ginagawang pagtuturo ng mga guro. Higit na nagiging madali para sa prosesong pagtuturo at pagkatuto.

### Gampanin ng mga Inang Hindi Guro sa Kanilang Tungkulin sa Pagtuturo sa Tahanan

May mahalagang gampanin ang mga inang hindi guro o maaari nating sabihing mga inang walang pormal na pagsasanay bilang guro sa pagtuturo sa tahanan. Bagaman wala silang propesyonal na karanasan sa edukasyon, sila pa rin ay pangunahing tagapagturo ng kanilang mga anak, lalo na sa mga unang taon ng pagkatuto at sa pang-araw-araw na buhay. Narito ang ilang gampanin ng mga inang hindi guro sa kanilang tungkulin sa pagtuturo sa tahanan

***Nagsilbing Unang Guro ng Anak.***

Ang mga ina ay itinuturing na unang guro ng kanilang mga anak sapagkat mula ng isilang ang kanilang mga anak, sila na ang unang gumagabay, nagtuturo, at humuhubog sa kaalaman, asal, at pag-uugali ng bata. Tinuturuan na nila ang kanilang mga anak ng mga pangunahing kaalaman. Sa simpleng pagbigkas ng mga salita ipinapakilala na nila ang tunog, kulay, hugis, at bilang habang sila ay nakikipaglaro o nakikipag-usap sa bata. Sabi nga ni Nanay Maria *"Ako talaga ang nagtuturo sa anak ko ng ABC at 1-2-3 bago pa siya pumasok sa Kinder."* Dahil dito nahuhubog ang unang kaalaman ng anak. Tinuturuan ng ina ang anak kung paano magsalita, kumain nang maayos, at magsaayos ng sarili. Sa araw-araw na pakikisalamuha, tinuturuan ng ina ang anak ng respeto, kabutihang-loob, at disiplina. Ang ina ang nagpapakita ng halimbawa ng tamang asal na ginagaya ng anak. Sa pamamagitan ng pag-aalaga, pag-aaruga, at pakikinig sa anak, natututo ang bata ng pagmamalasakit, pagtitiwala, at pag-unawa sa damdamin ng iba. Ang emosyonal na koneksyon sa ina ay nagiging pundasyon ng tiwala sa sarili ng bata.

Nagiging modelo ng mga anak ang ina sa kilos at pananalita. Ang anak ay natututo hindi lamang sa sinasabi kundi lalo na sa ginagawa ng ina. Halimbawa, kung ang ina ay mahilig magbasa, nagbabasa rin ang anak, kapag nagdadasal ang ina nagdadasal din kahit hindi naiintindihan ang sinasabi, naglilinis ang nanay, naglilinis din ang anak. Sabi ng ani Nanay Luz, *"Anak, halika magdadasal na tayo. Gagayahin mo ako ha. Kung ano sasabihin ko gagayahin mo ha?"* Sa madaling sabi kung ano ang ginagawa ng nanay, nagkakaroon din ng interes ang anak sa mga ito. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng simpleng kaalaman bago pa man pumasok sa paaralan, hinahanda na ng ina ang anak sa mga pormal na gawain sa paaralan. Tinuturuan din nila kung paano makisama sa iba, sumunod sa tagubilin, at maging responsable.

Ang ina ang unang guro ng anak dahil siya ang kauna-unahang taong nagtuturo ng mahahalagang bagay sa buhay: mula sa pagkilos, pakikitungo, at pag-unawa sa paligid, hanggang sa moralidad at emosyonal na paghubog. Ang kanyang mga aral ay nagsisilbing pundasyon ng pagkatuto ng anak habang siya'y lumalaki. Sa ginawang pag-aaral Bartlome et al. (2020) ipinapakita na mahalaga ang pakikilahok at suporta ng magulang sa tahanan upang maging epektibo ang pormal na edukasyon. Kasama rito ang pagbibigay ng oras, pagsubaybay sa gawaing bahay, at pakikipag-ugnayan sa guro.

### *Nagiging Gabay sa Pag-aaral*

Tinutukoy nito ang paggabay ng isang tao kadalasan ng mga magulang, partikular ng ina, sa proseso ng pagkatuto ng isang bata. Sa konteksto ng tahanan, ang ina bilang unang guro ay may mahalagang papel sa pagtuturo, paggabay, at pagbibigay ng suporta upang maging matagumpay ang anak sa kanyang pag-aaral. Ang gabay sa pag-aaral ay isang patuloy na proseso ng pag-alalay sa bata habang siya ay natututo. Kasama rito ang magbigay ng oras at atensyon sa aralin ng bata, magturo ng tamang asal at disiplina sa pag-aaral, magpaliwanag ng mga konsepto na mahirap unawain ng bata, maghikayat na maging masigasig sa pag-aaral, at magmonitor ng takdang-aralin, proyekto, at mga pagsusulit. Ayon kay Nanay Maria, hindi maaaring hindi niya ipaalala sa anak niya ito: *"Anak, kapag hindi naintindihan ang sabi ni Mama magtatanong ka ha, hindi ka dapat mahina o kaya'y matakot na magtanong, para maintindihan mo. Pag naintindihan mo magagawa mo ito ng tama."*

Hindi matatawaran ang papel ng ina bilang gabay sa pag-aaral ng anak. Natuto ang mga anak sa pagtuturo ng mga ina, gaya ng pagtuturo ng alpabeto, pagbasa, pagsusulat, at pagbibilang kahit bago pa pumasok sa paaralan. Sinusubaybayan na natatapos ang mga takdang-aralin at may oras ang anak para mag-aral sa bahay. Pinapalakas ang loob kaya't pinupuri sa tagumpay, at suporta sa oras ng kabiguan. Tinuturuan ng sariling kilos at asal, tinutularan ng bata ang tiyaga, pagiging masinop, at pagmamahal sa pagkatuto ng mga ina. Dinidisiplina at tinuturuan ng tamang disiplina, respeto, sipag, at determinasyon. Ito ang mga katangian na mahalaga sa buhay at edukasyon. Iba-ibang gawain ng ina bilang gabay sa pag-aaral ang kanilang ginagawa. Narito ang basahan ng kuwento bago matulog, tinutulungan sa paggawa ng mga takdang-aralin, pag-iskedyul sa tamang oras ng pag-aaral, paglalaro, at sa pagtulog, at ang positibong saloobin para sa edukasyon. Dahilan ito upang ang anak ay mahubog ang kasanayan na bumuo ng imahe at gamitin ang wika. Nahahasa ang pag-unawa ng mga bata tungkol sa aralin. Natuto rin pamahalaan ang kanilang oras sa paglalaro, pag-aaral at pagtulog. Ang mga bata rin ay nagkakaroon ng interes at pagnanais na matuto pang lalo.

Ang gabay sa pag-aaral ay isang malaking bahagi ng tagumpay ng isang mag-aaral, lalo na kung ito ay nagsisimula sa tahanan. Ang ina, bilang unang guro, ay may natatanging kakayahan na hubugin hindi lamang ang isip kundi pati ang puso at asal ng kanyang anak. Pinatunayan ito ng ginawang pag-aaral nina Santiago at Marquez (2025) na ang ang lawak ng partisipasyon ng mga magulang sa edukasyon sa unang yugto *(early childhood/ kindergarten)* at relasyon nito sa pag-unlad ng mga estudyanteng kinder. Tinukoy dito ang suporta ng mga magulang sa bahay at paaralan, mga gawain sa pagkatuto sa tahanan, at mga balakid gaya ng oras, trabaho, at pang-unawa sa pag-unlad ng bata. Sa pahayag rin nina Suatengco at Florida (2020) tinukoy rin dito kung paano ginagamit sa bahay ang mga gawain upang paunlarin ang literasiya ng anak (halimbawa, pagbabasa, pagkukwento, pakikipag-usap) at paano ito nakakatulong sa pormal na edukasyon. Mahalaga rito ang interaksyon magulang-bata, sa pamamagitan ng pagku-kwento, pagsasalita, at paggamit ng wika sa bahay.

### *Nagpapasigla at Nagsisilbing Inspirasyon*

Alam natin na ang mga ina ay tinuturing na unang guro ng kanilang mga anak dahil sila ang unang gumagabay, nagtuturo, at nagmumulat sa

mga bata sa mga mahahalagang aral sa buhay. Naghihikayat at nagbibigay ng suporta sa mga anak na magpatuloy sa pag-aaral, lalo na sa oras ng panghihina ng loob. Pinupuri sa mga tagumpay at nagtuturo kung paano haharapin ang mga pagkatalo. Tulad ng palaging sinasabi ni Nanay Maria sa anak: *"Alam mo anak, noon ako palagi akong kasali sa contest, minsan talo ako minsan naman panalo. Pero alam, mo anak. Sali lang ako ng sali. Matalo man o manalo. Hindi ako nahihiya kung matalo ang gagawin ko mag-aaral pa akong lalo."* Ang mga ginagawa ng mga ina ay nagsisilbing modelo ng tamang asal – tulad ng pagiging masipag, matiisin, matatag, at mapagmahal. Sa pamamagitan ng kanilang sariling kilos, natututo ang mga anak ng disiplina, respeto, at pagmamalasakit. Halimbawa, kapag nakita ng anak na masigasig ang kanyang ina sa pagtatrabaho o pag-aalaga, nahihikayat din siyang maging masipag.

Laging nagbibigay ng makabuluhang payo ang mga ina sa kanilang mga anak, mula sa simpleng asal hanggang sa mabibigat na desisyon sa buhay. Sa kanilang paliwanag sa kung ano ang dapat at hindi dapat gawain ay nabibigyan nila ng lakas ng loob ang kanilang anak na harapin ang hamon ng buhay. Kadalasan ang ina ang unang naniniwala sa kakayahan ng anak. Sila ang nagbibigay ng suporta at lakas ng loob para abutin ang mga pangarap, kahit minsan ay duda na ang anak sa sarili. Sabi ng isang nanay na impormante palaging naririnig ng kanyang anak ang *"Kaya mo 'yan, anak!"* isang simpleng salita ng ina na nagbibigay ng malaking inspirasyon. Ang palaging itinuturo ng ina ang kahalagahan ng katapatan, kabutihan, paggalang, at pananampalataya. Ang mga aral na ito ay nagsisilbing batayan ng tamang pamumuhay ng anak habang lumalaki.

Ang mga ina ay hindi lamang tagapangalaga, kundi mga guro ng puso at asal. Sa kanilang gabay, pagmamahal, at aral, nabubuo ang matibay na pundasyon ng pagkatao ng anak. Dahil dito, sila ay tunay na inspirasyon at pinagmumulan ng sigla sa buhay ng bawat isa. Sinuri sa pag-aaral ni Jabar (2011) kung paano nakikilahok ang mga ina sa edukasyon ng kanilang mga anak sa elementarya, kahit na sa ibang bansa ito. Iba-ibang paraan sa pakikilahok ang kailangan para maipakita ang pangangalaga sa mga anak.

### *Nagpapaalala sa Halaga at Perspektibo ng Buhay*

Ang mga ina bilang unang guro ay hindi lamang nagtuturo ng mga simpleng bagay sa buhay, kundi sila rin ang tagapangalaga ng mga halaga at pananaw na huhubog sa pagkatao at kaisipan ng kanilang mga anak. Ang mga ina ang unang nagtuturo ng mga pangunahing asal tulad ng paggalang sa matatanda at kapwa, maging matapat sa salita at gawa, pagmamalasakit sa iba, pagkakaroon ng disiplina at pagiging responsible, at pananalig sa Diyos o paniniwala sa tama. Sa araw-araw na paggabay ng ina, unti-unting natututuhan ng bata ang mga halagang ito. Dahil dito, nagiging pundasyon ito ng kanyang pagkatao. Ayon nga kay Nanay Nora palagi niyang pinapaalala sa anak ang ganito: *"Anak palagi mong tandan na hindi ka dapat makipag-away, kapag inaway ka hindi ka rin makikipag-away, 'wag mo silang pansinin."*

Ang pananaw sa paligid ay nabubuo sa tulong ng mga karanasang pinagdadaanan kasama ang ina. Hal. tinuturuan ang anak kung paano mag-isip nang positibo, kahit may problema. Sinabi nga na impormante na palagi niyang sinasabi na: *"Huwag kang sumuko, anak. Laging may pag-asa."* Dahil dito, natututo ang bata na harapin ang buhay nang may tapang, pananampalataya, at kabutihang-loob. Kapag may hindi nauunawaan ang bata, ang ina ang unang nagpapaliwanag ng tama at mali, nagbibigay-linaw sa mga bagay na moral o etikal at tumutulong sa paghubog ng matinong pag-iisip at pagpapasya. Sinasabi ng ina sa kanyang anak na mahalaga siya, may kakayahan, at may halaga sa mundo. Dahil dito, ang anak ay lumalaki na may tiwala sa sarili at nagkakaroon ng positibong pananaw sa kanyang pagkatao. Ang ina ang unang halimbawa ng mga prinsipyo't pananaw. Halimbawa: Kung makikita ng anak na matatag sa pananampalataya ang ina, nagmamalasakit sa iba, at lumalaban sa hamon ng buhay, ito rin ang pananaw na makukuha ng anak sa mundo.

Ang ina bilang unang guro ay tagapangalaga ng mga halagang moral at pananaw sa buhay na nagsisilbing gabay ng anak sa paglaki. Sa kanyang mga aral, asal, at halimbawa, nabubuo ang pagkatao, prinsipyo, at pagtingin ng anak sa sarili, sa kapwa, at sa mundo. Sa naging pag-aaral nina Friales et al. (2022) napatunayan nila ang mahalagang papel ang ginagampanan ng mga magulang sa pagiging tagapagturo, tagasupervise,

motivator, at tagapag-ayos ng kapaligiran sa pag-aaral.

***Naging Tagapagturo sa Praktikalidad ng Buhay***

Ang mga ina bilang unang guro ay may mahalagang papel sa pagtuturo hindi lamang ng mabuting asal at pagpapahalaga, kundi pati na rin ng mga praktikal na kaalaman sa buhay na tumutulong sa anak upang maging handa sa araw-araw na hamon ng buhay. Mula pagkabata, ang ina ang unang nagtuturo ng mga simpleng gawain tulad ng pag-aayos ng kanilang mga laruan at gamit, pagwawalis ng sahig, paghuhugas ng pinggan, atbp. Ang mga gawaing ito ay hindi lang simpleng trabaho, kundi pagsasanay sa disiplina, responsibilidad, at kasanayan na magagamit sa pang-araw-araw na buhay. Ang ina rin ay nagtuturo rin kung paano alagaan ang sarili, gaya ng tamang personal na kalinisan, pag-aalaga kapag may sakit (paggamit ng gamot, pahinga) at pagpaplano ng oras sa pag-aaral at paglalaro. Sa ganitong paraan, natututo ang anak na maging independent at mapanagot sa sarili. Palagi raw sinasabi ni Nanay Maita sa kanyang anak ang ganito: *"Anak dapat palagi kang maliligo, magsisipilyo ng ngipin, maghuhugas ng kamay para hindi ka dapuan ng sakit. Kapag ikaw ay marumi madali kang magkasakit."*

Ang ina rin ang unang nagtuturo ng pagiging matipid at pagiging masinop, pagkakaiba ng pangangailangan at luho at ang pagpapahalaga sa pag-iipon. Halimbawa, kapag binibigyan ng baon ang anak, tinuturuan siyang huwag gastusin lahat at matutong mag-ipon para sa mahalagang bagay. Itinuturo rin ng ina kung paano makisama sa kapwa, magsalita nang magalang at magpakita ng paggalang at kabutihang-loob. Ang mga ito ay mahalaga sa praktikal na buhay dahil tinuturuan nito ang bata kung paano makihalubilo at makibagay sa lipunan. Ang ina ay laging naroon upang magpayo kung may problema, tumulong sa pagkilala ng tamang desisyon, at magturo kung paano harapin ang pagkakamali. Sa ganitong paraan, ang anak ay natututo mag-isip nang mabuti at matutong manindigan sa tama.

Ang mga ina bilang unang guro ay tagapagturo sa praktikal na buhay dahil sila ang unang nagtuturo ng mga gawaing bahay, wastong asal, pamumuhay nang responsable, at tamang pakikitungo sa kapwa. Sa kanilang gabay, nahahanda ang anak sa tunay na hamon ng buhay sa loob at labas ng tahanan. Natutuhan dito ang mga karanasan ng mga bagong guro habang ina-adjust nila ang sarili mula sa buhay sa tahanan patungo sa propesyon ng pagtuturo. Kasama ang mga hamon sa praktikalidad—paano nila naiaaplay ang mga natutuhang teorya sa aktuwal na pagtuturo, paano nila hinaharap ang mga pangangailangan ng buhay bilang guro kasama ang tungkulin sa bahay, atbp (Polinar & Gemota, 2025).

***Nagiging Kaagapay ng Paaralan***

Isang gawain ng isang nanay ay ang makipag-ugnayan sa mga guro, upang mas maintindihan ang pangangailangan ng anak. Isang gawain na sinusuportahan ng mga ina ay mga proyekto at aktibidad ng paaralan, kahit mula sa bahay. Tinutulungan ng inang guro ang anak sa mga aralin, proyekto, at takdang-aralin upang maintindihan o mapalalalim niya ang pag-unawa ng bata sa mga aralin sa pamamagitan ng gabay at pagsasanay sa bahay.

Gayundin nagiging gawain ng ina ang aktibong pakikilahok sa mga pulong ng magulang at guro *(PTA meetings)*. Nakikipag-ugnayan sa mga guro upang malaman ang kalagayan ng anak at matulungan ito sa mga kahinaan. Tinuturuan ng inang guro ang anak ng tamang asal, disiplina, at mga gawi na tumutulong sa maayos na pag-aaral katuwang ng guro. Sinusuportahan niya ang mga patakaran ng paaralan at tinutulungan ang anak na sumunod dito.

Itinuturo ng inang guro ang kahalagahan ng responsibilidad, oras, sipag, at tiyaga mga ugaling mahalaga sa tagumpay sa paaralan. Tumutulong sa mga *school events, fundraising,* at iba pang programa bilang *volunteer* o tagapag-organisa. Nagbibigay ng dagdag na tulong sa guro lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng kooperasyon ng mga magulang. Palaging pinapaalahan ni Nanay Luz ang anak na: *"Tulungan mo si Titser mo, anak. Kapag may mga gawain ok na mag-volunteer ka. Sali ka sa mga gawain ng klase ninyo. Tulong ka sa paglinis ni Ma'am"*

Ang mga inang hindi guro ay may mahalagang papel sa tagumpay ng edukasyon ng kanilang mga anak. Sa kabila ng kakulangan sa pormal na pagsasanay, ang kanilang pagmamahal, dedikasyon, at sipag ay sapat na upang maging mabisa silang katuwang sa paghubog ng isipan at pagkatao ng kanilang mga anak. Natuklasang ang mga magulang bilang mga kasosyo, sinundan ng mga

lokal na pamahalaan at iba pang sektor. Ngunit may pangangailangan pa para sa mas marami at mas malawak na proyekto/pagkilos para sa mas matibay na ugnayan (Esnara, 2025). Natuklasan din na mataas ang partisipasyon ng mga magulang sa *schools activities* at ilang proyekto, lalo na sa paghanap ng pondo at pagkukusa ng mga gawain para sa *school improvement*. May pagtaas sa performans ng paaralan dahil sa ganitong suporta. (Gutierrez & Luzon, 2019).

Ang pagiging inang guro ay hindi nangangailangan ng lisensya o propesyonal na titulo. Sa pamamagitan ng pagmamahal, gabay, at aktibong pakikilahok, nagiging katuwang siya ng paaralan sa paghubog ng isang batang may magandang asal, karunungan, at pananaw sa buhay. Lumabas na may mga tema tulad ng komplikasyon sa pagiging inang guro, mga benepisyo sa pagtuturo sa sariling anak, pagbabantay sa pag-aaral ng mga anak, mga impresyon sa modular schooling, mga konsiderasyon sa pagkatuto ng mga bata, ang pagkatuto / pagmumuni-muni ng mga ina tungkol sa sarili nilang papel (San Jose et al., 2022). Layunin din ng naging pag-aaral nina Baniel at Bilangbilang (2023) na mailarawan ang mga karanasan ng mga magulang (mga inang kasama) sa *homeschooling* at pagtutok sa mga Grade 2 na mag-aaral sa panahon ng pandemya. Nalaman na ang mga magulang ay aktibong nagbabasa ng mga modyul kasama ang kanilang anak, tumutulong sa pagsulat at pagsagot; gumagabay at nagwawasto ng modyul at nanonood ng *educational videos* bilang karagdagang suporta.

## Estratehiyang Ginagamit ng mga Ina para Maturuan at Magabayan ang Kanilang mga Anak sa Kanilang Pag-aaral at Pang-araw-araw na Asal

Sa kabila ng kawalan ng pormal na pagsasanay bilang guro, maraming ina ang nakakabuo ng mga makabuluhang estratehiya upang matulungan ang kanilang anak sa pag-aaral at sa paglinang ng mabuting pag-uugali. Sa pananaliksik na ito, tinalakay ang iba't ibang estratehiyang ginagamit ng mga ina mula sa simpleng *routine* sa tahanan, pagbibigay ng halimbawa, hanggang sa pagbibigay ng emosyonal na suporta na siyang nagsisilbing pundasyon ng matatag at maayos na pag-unlad ng mga bata. Narito ang mga naging tugon ng mga impormante na ginagamit nilang estratehiya, maging modelo sa kanilang mga anak, pagtatakda ng oras at gawain, pagkakaroon ng gantimpala at parusa, pagiging *good listener* at may bukas na komunikasyon, pagkakaroon ng pagsubaybay sa pag-aaral, palagiang pagpapaalala sa kanyang responsibilidad sa mga gawain, 100% na suporta sa emosyonal at sosyal na pag-unlad, pagtuturo ng mga pagpapahalaga sa buhay, at pagnanais na patuloy na matuto.

### *Ang Maging Modelo sa Kanilang Anak*

Ang mga ina ay nagsisilbing huwaran sa kanilang mga anak. Tinuturuan nila ang mga anak ng tamang asal sa pamamagitan ng sariling kilos, halimbawa, pagiging magalang, masipag, at matiyaga. Nakikita ng mga anak ang kanilang ina bilang huwaran. Kapag ang ina ay masipag, magalang, at mahinahon, ginagaya ito ng mga anak sa kanilang sariling pag-uugali at pag-aaral. Halimbawa, kung nakikita ng bata ang ina na nagbabasa, maaaring mahikayat din siyang maging masigasig sa pag-aaral. Isang halimbawa nito ang tinuran ni Nanay Luz: *"Ako po para sumunod sa akin ang anak ko na magbasa sumasali rin ako sa kanya sa pagbabasa, sumasali rin ako sa kanya na magkulay, maggupit ng larawan. Bonding na rin naming mag-ina."*

### *Ang Pagtatakda ng Oras at Gawain*

Gumagawa sila ng iskedyul para sa pag-aaral, pagkain, laro, at pahinga. Itinatakda ng ina ang maayos na iskedyul sa araw-araw: oras ng pagkain, pag-aaral, paglalaro, at pagtulog. Tinuturuan ang mga bata ng disiplina at kahalagahan ng oras. Dapat alam nila ito upang matutuhan nila disiplina at pamamahala nila sa oras, na mahalaga sa kanilang akademik performans at tamang pag-aasal. Halimbawa nito ang: *"Si Nanay Ana ay nagsabi na ginagamit niya ang timer upang disiplinahin ang anak sa pag-aaral: Sinasabi ko, 30 minutos lang an g laro mo, tapos mag-aaral na tayo."*

### *Ang pagkakaroon ng gantimpala at parusa*

Kapag nakagawa ng tama ang bata, binibigyan ng papuri o maliit na gantimpala ang anak bilang motibasyon. Halimbawa, may mataas na marka, pagtulong sa gawaing bahay, atbp. Kapag may maling ginawa, ipinatutupad ang makataong paraan ng pagtutuwid may maling asal, upang matutuhan ang mga kahihinatnan ng kanyang kilos. Sabi ni Nanay Maria: *"Ako po kapag nakakukha ng 100 na iskor sa test ang anak ko may premyo siya, isang chocolate hal., sa sunod naman pag may pera magjolibee kami. Pag hindi naman naka*

*100 ok lang sinasabihan ko na lang na sa sunod makakakuha ka naman ng 100.*" Halimbawa pa rin nito, sabi naman ni Nanay Rosa *"kapag nanood ng telebisyon na dapat ay hindi pa manonood dahil hindi pa oras na nakatalaga, ang parusa ay hindi muna makakapanood ng isang araw o ilang araw ng telebisyon."* Ito ay humuhubog sa responsableng pag-uugali.

### *Ang Pagiging Good Listener at may Bukas na Komunikasyon*

Nakikinig ang ina sa saloobin at problema ng anak, kaya nagkakaroon ng tiwala at bukas na komunikasyon. Binibigyan ng payo at emosyonal na suporta sa halip na puro utos o galit. Ayon kay Nanay Rosie kapag nakikita niya ang kanyang anak na malungkot dahil hindi nakakakuha ng star pagi niyang sinasabihan ang kanyang anak ng: *"Ok lang yon Sandy, sa sunod tingnan mo maraming star na ilalagay ni titser sa kamay mo. Huwag kang malungkot ganon talaga hindi palagi na paggusto mo magkakaroon ka. Ok lang yon."* Nagiging mas komportable ang anak na magbahagi ng kanyang nararanasan, lalo na sa paaralan o sa pakikitungo sa ibang tao.

### *Ang Pagkakaroon ng Pagsubaybay sa Pag-aaral*

Kadalasang ginawa na tulungan ng ina ang anak sa paggawa ng takdang-aralin at pagbibigay ng oras para matignan ang mga aralin. Pinapaalalahanan ang anak sa mga dapat gawin at dapat tapusin ito bago o sa takdang-oras na ibinigay. Sabi nga ni Nanay Luz: *"Ako po araw araw tinatanong ko anak ko kung may assignment si Titser. Tinutulungan ko siyang gumawa. Hindi po ako ang gumagawa para sa kanya, siya po gagawa para matuto."* Nakikipag-ugnayan din sa mga guro kung kinakailangan. Kinakausap ang mga guro kung kinakailangan kausapin ito upang maintindihan ang mga gawain. Ito ay nagpapakita ng aktibong partisipasyon sa edukasyon ng anak. Nagbibigay ng espasyo at tahimik na lugar para sa pag-aaral. Ipinapakita rito ang ginagawang pagsuporta ng ina sa edukasyon ng kanyang anak.

### *Ang Palagiang Pagpapaala sa Kanyang Responsibilidad sa mga Gawain*

Tinuturuan ang anak ng simpleng tungkulin sa bahay para matutong maging responsable. Maliliit na tungkulin sa bahay, tulad ng pag-aayos ng higaan, pagligpit ng laruan, at pag-aalaga ng kapatid. Kadalasan pinapaalalahanan ni Nanay Maria ang anak: *"Anak, ang uniform mo ilagay mo sa lalagyan. Huwag kung saan saan lang. Ang sapatos mo ilagay sa lalagyan ang medyas sa labahan. Palagi ko yan sinsabi para matuto siya."* Dito natututo ang bata ng disiplina, kasipagan, at pagtutulungan, na nadadala rin sa paaralan at sa pakikitungo sa ibang tao.

### *Ang 100% na Suporta sa Emosyonal at Sosyal na Pag-unlad*

Kapag ang bata ay nakakaranas nag lungkot, nabibigo, nakakaramdam ng stress, inaaliw ito ng mga ina. Ayon kay Nanay Maria palagi daw niyang sinasabi na *"ok lang yon, ok lang na mabigo, maging malungkot basta dapat pag nabigo bumango tapos try naman ulit."* Hindi nagsasawa na aliwin ang anak sa panahon ng lungkot o kabiguan. Tinuturuan kung ano ang gagawin at paano makitungo sa ibang tao sa maayos na paraan gaya ng paghingi ng tawad, pagbibigay-galang, at pakikisama. Ito ay nagpapalago ng *empathy at emotional intelligence* ng bata.

### *Ang Pagtuturo ng mga Pagpapahalaga sa Buhay*

Ibinabahagi ang mga pagpapahalaga tulad ng pananampalataya, pasasalamat, at kabutihang-loob. Tinuturuan ng ina ang anak na magdasal at manampalataya, na nagbibigay ng gabay sa sa aspektong moral at spiritual. Naipapasa ang positibong pananaw sa buhay, lalo na sa oras ng pagsubok. Isang halimbawa nito ang sinabi ni Nanay Nora: *"Dapat palagi kang magdasal, hihingi ka kay Lord ng pagkain para maging matalino ka, magpapasalamat ka kay Lord kasi nag-aaral ka, hindi mo dapat Siyang kalimutan. Dapat kaibigan mo si Lord."*

### *Ang Pagnanais na Patuloy pa ring Matuto (Self-Education)*

Maraming ina ang patuloy na nag-aaral kung paano mas mapapabuti ang pagpapalaki sa anak. Halimbawa sinabi ni Nanay Luz na ginagawa niya para mas marami siyang maituro sa kanyang anak ay *"ang pagbabasa ng parenting books, panonood ng educational content, pagsali o pagdalo sa seminar"*. Sa ganitong paraan, mas epektibong naiaangkop ang kanyang paraan ng pagtuturo sa pangangailangan ng anak.

Ang mga estratehiyang nabanggit ay makakatulong upang kahit papaano ay makatulong sa mga anak na matuto at maging sa mga guro sa paaralan. Kagaya rin ang mga estratehiyang

nabanggit sa mga natuklasan sa mga ginawang pag-aaral. Inilahad ang mga tungkulin, karanasan, at hamon ng mga magulang (kasama na ang mga ina) habang tinutulungan ang kanilang anak na may akademikong kahirapan sa *remote learning.* Ginamit ang estratehiyang pagsasagawa ng iskedyul sa bahay,paggabay sa mga modyul, paggugol ng mas maraming oras sa pag-monitor, paghahati-hati ng gawain; paggamit ng simpleng pamamaraan upang matulungan ang anak, pakikipag-ugnayan sa guro upang makuha ang karagdagang paliwanag o suporta (Villanueva at Olegario, 2024) Sinuri naman nina Manalo et al., (2023) ang kaugnayan ng partisipasyon ng mga magulang at paglahok ng mga estudyante sa isang *modular learning setup,* partikular ang epekto nito sa performans sa akademiko at *interpersonal skills*. May mga magulang din sa *urban* na lugar at kung paano nila itinuturo/isinasabuhay sa kanilang mga *preschool* anak ang mabuting pag-uugali (prososyal na asal). Estratehiya nito ang verbal na pagpapayo, paggamit ng mga halimbawa, pisikal na disiplina, *cognitive methods* tulad ng paghikayat sa bata na maunawaan ang dahilan ng batas o patakaran sa bahay, mga kuwento, pag-uusap tungkol sa katangian ng magandang asal (De Leon, 2012). Natuklasan na may mga stratehiya ang mga ina gaya ng pagbabasa ng mga libro, pakikipag-usap, paghikayat at paglalaan ng mga layunin para sa literasiya. Ngunit may limitasyon dahil sa kakulangan sa materyales, kaalaman, o suporta (Gaytos, 2018).

## Mga Hamon o Balakid na Kinakaharap ng mga Ina sa Pagtuturo ng Kanilang mga Anak sa Bahay

Sa panahon ngayon, lalo na't marami pa ring bata ang umaasa sa suporta ng magulang sa kanilang pag-aaral, naging mas malaki ang papel ng mga ina bilang tagapagturo, tagagabay, at tagapangalaga sa tahanan. Gayunpaman, hindi maikakaila na kasabay ng papel na ito ay ang samu't saring hamon na kanilang kinahaharap sa araw-araw. Ang mga hamong ito ay maaaring may kinalaman sa emosyonal, pinansyal, pisikal, o edukasyonal na aspeto ng kanilang buhay, at direktang nakaaapekto sa kalidad ng kanilang pagtutok at paggabay sa pag-aaral at pag-uugali ng kanilang mga anak. Narito ang mga naging kasagutan ng mga inan g impormante:

### *Kakulangan sa Oras o Panahon*

Ang kakulangan sa oras o panahon ang nangungunang naging hamon ng mga inang guro sa pagtuturo sa kanilang mga anak. Lahat ng impormante o 100% ang nagsabi na ito ang kanilang problema. Ang mga ina ay kadalasang may sabay-sabay na responsibilidad, sa trabaho, gawaing bahay, at iba pang obligasyon. Dahil dito, kulang ang oras para tutukan ang pag-aaral at ugali ng anak, kaya hindi naibibigay ang sapat na gabay na kailangan ng bata. Nahihirapang magbalanse ng oras sa trabaho, gawaing bahay, at pagtutok sa anak.

### *Limitadong Kaalaman sa mga Aralin*

Hindi lahat ng ina ay sapat ang kaalaman sa mga bagong aralin, lalo na sa mas mataas na antas ng edukasyon. Makikita na 75% o 15 sa 20 inang-guro ang may limitadong kaalaman sa mga aralin pinag-aaralan ng kanilang mga anak. Dahil dito, nahihirapan silang ipaliwanag ang mga leksyon at gabayan ang anak sa paggawa ng takdang-aralin o paghahanda sa pagsusulit. Nahihirapan silang ipaliwanag ang mga konsepto, lalo na sa Math, Science, o bagong teknolohiya. Hindi rin lingid sa atin na may mga ina rin na hindi nakapag-aral. Kaya't talagang hindi nila magawang matulungan ang mga anak o maaari nating masabi na limitado ang kanilang alam.

### *Kakulangan sa mga Kagamitan sa Pagtuturo*

Hindi lahat ng pamilya ay may kumpletong gamit tulad ng libro, internet, kompyuter, gadgets o anupamang materyal na maaaring gamitin sa pagtuturo. Labing-isa (11) sa 20 o 55% ang nagsabi na wala silang sapat na kagamitan para sa pagtuturo sa kanilang mga anak. Mahirap para sa ina na suportahan ang pag-aaral ng anak kung kulang sa gagamiting materyal. Kapag kulang sa gamit nahihirapan ang ina na makapagturo nang maayos. Ang kakulangan sa kagamitan ay direktang humahadlang sa pagkatuto ng bata.

### *Paminsan-minsan ang Kakulangan ng Pasensya*

Ang pagtuturo sa bata ay nangangailangan ng mahabang pasensya, lalo na kung ang bata ay matigas ang ulo, hindi nakikinig, o mabagal matuto ayon ito sa sagot ng 10 o 50% impormanteng nanay. Kapag nauubos ang pasensya ng ina, maaari itong mauwi sa sigawan o pag-aaway, na hindi nakakatulong sa pagkatuto ng anak. Ang kakulangan ng pasensya ay lumulikha ng hindi pagkakaintindihan ng mag-ina. Kung kaya't dapat maging pasensyoso ang ina.

### *Ang Pakiramdan na Stress at Pagod na*

Ang sobrang pagod at stress mula sa araw-araw na gawain ay nagiging dahilan kung bakit hindi na makapag-focus ang ina sa pagtuturo. Sabi ng siyam (9) o 45 % ng nanay na guro na nawawalan ng enerhiya, sigla, at minsan ay emosyonal na katatagan upang maging mahinahon at epektibo sa gabay. Kapag ang ina ay pagod sa pisikal at emosyonal, apektado rin ang kalidad ng pagtuturo at pakikitungo sa anak.

### *Kakulangan ng Suporta ng mga Miyembro ng Pamilya*

Ayon sa pitong (7) o 35 % na nanay na guro kung mag-isa lamang ang ina sa pagtuturo at pag-aalaga, mas bumibigat ang kanyang responsibilidad. Wala siyang katuwang sa pagdisiplina o pagtutok sa mga pangangailangan ng anak, kaya maaaring hindi niya makaya ang lahat ng aspekto ng pagiging magulang at guro. Ang ilang ina ay nag-iisang bumubuhay at gumagabay sa anak, kaya pasan nila lahat ng responsibilidad. Kapag walang katuwang, mas mabigat ang dalahin.

### *Naiibang Paraan ng Pagtuturo*

Minsan, iba ang istilo ang paraan ng pagtuturo sa paaralan kumpara sa ina sa bahay, kaya nagkakaroon ng kalituhan sa bata. Kapag iba ang paraan ng ina sa kung paano siya nagtuturo kumpara sa istilo ng guro sa paaralan, nalilito ang bata. Halimbawa, maaaring ibang paraan ang gamit ng ina sa pag-solve ng *math problem*, na nagdudulot ng pagkalito at panghihina ng loob ng bata, kapag iba ang pagbigkas ng ina sa salita at iba naman ang guro, malilito ang bata. Nagiging hadlang ito sa epektibong pagkatuto. Ang hamong ito ay batay sa sagot ng limang (5) o 25% nanay na kinapanayam.

### *Kapag Panahon may Kalamidad o Krisis*

Sa panahon ng krisis, tulad ng pandemya, nadagdagan ang pressure sa mga ina. Wala nang pisikal na paaralan, kaya inaasahan na silang gumanap bilang guro. Ngunit hindi lahat ay handa o may sapat na kakayahan, kaya ito ay nagdudulot ng *stress* at kahirapan sa pagtuturo. Halimbawa may kalamidad, mas naging mahirap ang pag-aaral sa bahay. Nadagdagan ang pressure sa mga ina na magturo kahit hindi sila bihasa rito. Ang ganitong karanasan ay mula sa sagot ng apat (4) o 20% impormante na para sa kanila dapat bigyan nila ng mas mahabang panahon ang mga anak na sila'y maturuan.

### *Kakulangan sa Training o Kasanayan sa Pagpapalaki*

Hindi lahat ng ina ay may sapat na kaalaman tungkol sa pagbabago ng paglaki at pagbabago dahilan upang hindi naibibigay ang epektibong estratehiya sa pagtuturo. Dahil dito, hindi nila alam kung paano ang tamang pagdisiplina, komunikasyon, at pagsuporta sa pag-aaral ng anak. Hindi lahat ng ina ay may sapat na kaalaman sa *child psychology* o pedagolohiya. Nahihirapan silang pasunurin sa tamang pag-uugali ang anak nang epektibo.

### *Hindi Pagkakaintindihan ng Magulang at Anak*

Kapag hindi magkasundo o bukas sa isa't isa ang ina at anak, nagiging mahirap ang pagtuturo. Maaaring mawalan ng gana ang anak makinig, o ang ina ay mawalan ng motibasyon magturo. Ang kakulangan sa komunikasyon ay hadlang sa maayos na ugnayan at pagkatuto. Minsan ay may hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng ina at anak, lalo na sa kabataan. Humahantong ito sa hindi pagkakasundo o kawalan ng komunikasyon.

Ang mga hamon o balakid na naranasan ng mga gurong-nanay ay pinatunayan ng mga naisagawa na rin pag-aaral. Sinabi nga ni Simbre (2021) ang *time management,* disiplina at pagsubaybay sa anak, kakulangan sa kaalaman sa mga aralin, distraksyon ng mga bata tulad ng mobile games, YouTube, atbp, ang limitadong koneksyon sa internet; gadget sharing ay naranasan ng mga magulang ng magkaroon ng *distance learning* ng magkaroon ng Covid-19 pandemya. Lumabas din sa naging pag-aaral ni Dealagdon (2021) na may pagsubok sa pagtulong sa anak sa asignaturang MT *(Mother Tongue)* kapag hindi nila ito madaling salita; pag-intindi sa materyal; mga limitasyon sa pagsasalita ng wika; pagkakaroon ng stress dahil sa *"gap"* sa wika; paghahanap ng paraan para makayanan ito.

Natuklasan rin sa pag-aaral nina Cudillo et al. (2022) ang pagkakaroon ng indibidwal na hamon gaya ng pananalapi (kakulangan sa pera), pangangasiwa sa pag-aaral ng anak *(supervision),* kakulangan sa kasanayan sa pagtuturo (*poor teaching skills)* ng magulang; may kaunting epekto rin mula sa institusyonal/*instructional* na hamon.

Pinatunayan rin ito sa pag-aaral ni Bonilla et al., (2022) na ang *internet connectivity,* kakulangan ng *device/gadget,* internet access; kahirapan ng magulang sa pagsasanay sa bata sa bahay. Gayundin ang pagbalanse ng trabaho at tungkulin sa bahay/paaralan; mga gawain sa bahay + responsibilidad sa edukasyon; limitadong oras; *stress* sa pagsunod sa *school-related tasks;* mga hadlang sa teknolohiya (Lirio et al., 2022). Ang pagkakaiba sa *access* sa *digital tools/internet;* kondisyon ng bahay; kaalaman ng magulang; *"knowledge divide"* at *"housing divide";* hindi lahat may sapat na suporta o lugar para sa pag-aaral sa bahay (Liu, 2021).

## Rekomendasyon sa mga Magulang at Tagapangalaga Kung Paano pa mas Mapabuti ang Suporta sa Edukasyon ng mga Bata sa Tahanan Kahit Wala ng Pormal na Pagsasanay Bilang Isang Guro

Iba-ibang rekomendasyon ang nabuo at ito ay nagpapakita kung paano epektibong masuportahan ng mga magulang at tagapangalaga ang edukasyon ng kanilang mga anak sa bahay, kahit hindi sila propesyonal na guro. Narito kung paano naipapakita ng bawat rekomendasyon ang mas pinabuting suporta sa edukasyon ng bata at kung paano natugunan nito ang mga nagging hamon (Talahanayan 1).

**Talahanayan 1**

*Mga Hamon at Rekomendasyon*

| Hamon | Rekomendasyon |
|---|---|
| Pagbalanse ng oras sa bahay at pagtuturo | Magtakda ng maayos na oras at gawain |
| Paghahanap ng tahimik na lugar para sa pag-aaral, | Magkaroon ng lugar na tahimik at maayos para sa pag-aaral |
| Kulang ng panahon sa paghahanda ng aralin | Maging handa sa pagkatuto kasama ang anak |
| Hindi nabibigyan ng tamang pagpapahalaga sa bata | Bigyang ng pagpupuri at gantimpala ang bata |
| Pagharap sa emosyonal na pangangailangan ng anak. | Pakinggan at bigyan ng suportang emosyonal |
| Kulang ng suporta ng pamilya | Pagtutulungan ng bawat kasapi ng pamilya |
| Hirap dahil minsan kulang sa kagamitan | Magkaroon ng mga simpleng kagamitan |
| Hindi pakikipag-ugnayan o kulang a pakikisama | Sumali sa Parents-Teacher Association |
| Kulang sa oras para sa bonding | Paglalaan ng oras para makipag-bonding |
| Dahil sa samu't saring gawain kulang ang panahon sa anak | Ang walang sawang pagpapaalala sa anak sa halaga ng edukasyon |

### *Magtakda ng Maayos na Oras at Gawain*

Kailangang gumawa ng araw-araw na iskedyul para sa pag-aaral, pagkain, paglalaro, at pahinga. Tinutulungan nito ang bata na magkaroon ng disiplina at matutong magmahala ng kanyang oras. Ipinapakita ng pagkakaroon ng disiplina at pagiging organisado ang kahalagahan nito sa pagbuo ng mabuting ugali sa pag-aaral. Kahit walang pormal na pagsasanay, ang simpleng pagtatakda ng iskedyul ay nakatutulong sa bata na matutong mapamahalaan ang kanyang oras at responsibilidad.

### *Magkaroon ng Lugar na Tahimik at Maayos para sa Pag-aaral*

Kinakailangan na maglaan ng isang lugar sa bahay na walang istorbo at may sapat na liwanag para makapag-aral. Kahit simpleng espasyo lang, basta't ito ay para sa gawaing pag-aaral sapat na. Ito ay lugar ay makakatulong sa konsentrasyon at pokus ng bata. Hindi kailangang mamahaling espasyo, basta't maayos at tahimik. Ipinapakita rito na mahalaga ang kapaligiran sa pagkatuto sa tagumpay ng bata sa pag-aaral.

### *Maging Handa sa Pagkatuto Kasama ang Anak*

Hindi kailangang alam agad ang sagot sa lahat ng tanong, maaaring matuto ang ina kasama ng anak. Dapat bukas na matuto at sumabay sa bata. Turuan ang anak kung paano maghanap ng sagot. Halimbawa sa libro, internet, o pagtatanong sa guro. Ipaliwanag sa bata kung paano ito gagamitin. Tinuturuan din nito ang bata ng pagiging bukas sa pagkatuto at paghahanap ng sagot, hindi lang pagsasaulo.

***Bigyang ng Pagpupuri at Gantimpala ang Bata***

Bigyang papuri ang anak kapag siya ay nagsisikap o sumusunod sa mga pinapagawa mo. Iwasan ang magalit, paninigaw o matinding parusa. Sa halip, ipaliwanag ang epekto ng kanyang kilos. Pinapalakas nito ang motibasyon ng bata at ipinapakita ang halaga ng pagsisikap. Hindi kailangang marunong ng child psychology, sapat ang pagpapakita ng pagmamahal at tamang pagdidisiplina.

***Pakinggan at Bigyan ng Suportang Emosyonal***

Mahalaga sa edukasyon ang emosyonal na kalagayan ng bata. Kahit walang pormal na pagsasanay, ang simpleng pakikinig at pag-unawa sa bata ay isang malaking tulong sa kanyang pagkatuto. Alamin kung ano ang pinagdadaanan ng bata sa pag-aaral. Halimbawa, nahihirapan ba siya. May kaba ba siya sa habang nag-aaral? Ipakita na handa kang makinig at umintindi, hindi lamang mag-utos.

***Pagtutulungan ng Bawat Kasapi ng Pamilya***

Ang ama, kuya, ate, o lolo't lola ay maaari ring tumulong sa pagtuturo o pagbabantay sa bata. Lahat ng miyembro ng pamilya ay dapat magtutulungan para maturuan ang bata. Hatiin ang mga gawain kung may partner o ibang miyembro ng pamilya. Ipinapakita ang kahalagahan ng pagtutulungan at pagkakaisa sa edukasyon ng bata. Kapag may suporta ang ina mula sa ibang miyembro ng pamilya, mas nagiging magaan ang pagtutok sa pag-aaral ng anak.

***Magkaroon ng mga Simpleng Kagamitan***

Hindi kailangan ng mamahaling kagamitan para makapagturo. Gumamit ng mga bagay sa bahay para magturo ng konsepto, tulad ng malilinis na maliliit na bato para ituro ang simpleng addition, subtraction, atbp sa Math, o kaya'y papel na gagawin din maliliit na bilog na parang bato para gamitin din sa pagtuturo ng Math. Kailangan lamang pong maging malikhain ang isang gurong ina sa mga gagamiting materyal upang maipaunawa ang mga konsepto sa bata. Marami ring libreng *learning materials online* tulad ng DepEd Commons, YouTube, at *educational websites*.

***Sumali sa Parents-Teacher Association***

Ipinapakita ang kahalagahan ng kooperasyon sa pagitan ng magulang at paaralan. Ang pagiging bukas sa paghingi ng tulong ay tanda ng aktibong partisipasyon sa edukasyon ng anak. Huwag matakot makipag-ugnayan sa guro ng anak kung may hindi naiintindihan. Sumali sa mga grupo sa facebook o anumang grupo ng mga magulang para sa karagdagang suporta at tips.

***Paglalaan ng Oras para Makipagbonding***

Ang pakikipag-*bonding* tulad ng kuwentuhan at pagbabasa ay epektibong paraan ng pagkatuto ng bata. Kapag malayang makipag-ugnayan, makapagtanong ang bata na walang takot na nararamdaman napapaunlad nito ang bokabularyo, imahinasyon, at pag-unawa ng bata kahit sa simpleng paraan. Ito rin ay paraan ng bonding na nagpapalalim ng tiwala at ugnayan sa pagitan ng magulang at anak.

***Ang Walang Sawang Pagpapaalala sa Anak sa Halaga ng Edukasyon***

Ang pagbibigay-inspirasyon at tamang pananaw ay mahalagang suporta sa tagumpay ng bata. Kahit walang pormal na pagsasanay, ang magulang ay may malaking papel sa paggabay sa pag-uugali at pananaw sa buhay ng anak. Ipaunawa sa kanila kung bakit mahalaga ang pag-aaral para sa kanilang kinabukasan. Halimbawa, magbahagi ng sariling karanasan para magbigay inspirasyon. Maaaring ikuwento ang saya at takot na naranasan subalit ito ay napagtagumpayan.

Ang mga rekomendasyong ito ay praktikal, abot-kamay, at naaayon sa kakayahan ng karaniwang magulang, kaya epektibo pa rin ang kanilang suporta sa edukasyon kahit wala silang pormal na pagsasanay bilang guro. Ang mahalaga ay ang presensya, pagkalinga, pakikiisa, at determinasyon ng magulang na tulungan ang kanilang anak sa anumang paraan. Ang mga rekomendasyong ibinahagi ng mga impormanteng gurong-nanay ay sinang-ayunan ng mga naging pag-aaral. Sa naging pag-aaral ni Bejarin at Quezada (2024) nalaman na malaking bahagi ng tungkulin ng magulang ay ang paggabay sa pagbasa, pagsulat at regular na pagsubaybay sa gawain ng anak *(follow-ups)*, pati na rin ang pagpapalakas ng motibasyon, komunikasyon, ugali ng pagsisikap. Tiningnan kung paano naranasan ng mga bata

ang *home-school learning* lalo na sa panahon ng pandemya. Natuklasan rin ni Murphy et al., (2023) na maraming magulang ang nahihirapan sa bahagi ng nilalaman, lalo na kung hindi nila ito naintindihan; nagiging hadlang din ang kakulangan ng tiwala sa sarili bilang "guro sa bata" sa bahay. Inalam kung paano nakakatulong o hindi ang magulang sa pagkatuto ng Matematika sa bahay.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Bagamat hindi propesyonal na guro, ang mga ina ay may mahalagang papel sa edukasyon ng kanilang mga anak gaya ng pagiging unang guro ng anak, gabay sa pag-aaral, nagbibigay sigla at inspirasyon sa kahalagahan ng buhay, at kaagapay ng paaralan. Sa kabila ng kawalan ng pormal na pagsasanay bilang mga guro, ang mga ina ay epektibong nakagagamit ng mga makabuluhang estratehiya upang matulungan ang kanilang mga anak sa aspetong akademiko, moral, at emosyonal. Bagamat may mga hamon o balakid nananatiling matatag ang maraming ina sa kanilang tungkulin na magturo sa mga anak, isang patunay ng kanilang dedikasyon at pagmamahal. Ang naging rekomendasyon para mas mapabuti ay ang epektibong suporta sa edukasyon ay hindi lamang nakasalalay sa pormal na pagsasanay, kundi sa bukás na puso, determinasyon, at pagmamalasakit ng magulang.

Nabuo ang teoritikal na implikasyon na pinatutunayan na ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng pagmamasid, paggaya, at pakikisalamuha. Ang mga ina, bilang pangunahing modelo sa tahanan, ay malaki ang impluwensya sa paghubog ng asal, disiplina, at pag-unawa ng anak sa pag-aaral. Ipinapakita na ang *"scaffolding"* o gabay ng ina tulad ng mga simpleng paliwanag, pagtutok, at pag-alalay ay nakatutulong sa bata na maabot ang pagbabago kung saan mas napapadali ang pagkatuto kahit walang pormal na pagsasanay ang magulang. Pinatitibay rin ang ideya na ang tahanan, lalo na ang papel ng ina, ay bahagi ng makrong sistema na direktang nakaapekto sa pag-unlad ng bata. Kapag may positibong suporta ang ina, mas nagiging matatag ang pagganap ng bata sa iba pang sistema gaya ng paaralan. Binibigyang-diin na ang aktibong pakikilahok ng magulang kahit hindi propesyonal ay humahantong sa mas mataas na akademikong tagumpay, motibasyon, at positibong pag-uugali ng bata.

Naging praktikal na implikasyon naman na dahil may malaking ambag ang mga ina sa pagkatuto, mainam na bigyan sila ng mga simpleng pagsasanay o worksyap gamit ang mga estratehiya sa pagkatuto sa tahanan. Mahalaga ang paglalaan ng tahimik na lugar, maayos na oras, at simpleng kagamitan upang suportahan ang pag-aaral ng bata sa bahay. Ang aktibong komunikasyon sa pagitan ng guro at ina tulad ng regular na fidbak at pagdalo sa PTA ay nakatutulong upang mas maunawaan ang pangangailangan ng bata. Dapat kilalanin na may emosyonal at mental load din ang mga ina; kailangan nila ng suporta mula sa pamilya at komunidad upang mapanatili ang kanilang kakayahang magturo at gumabay. Ipinakikita ng karanasan na sapat na ang bukás na puso, tiyaga, at pagmamalasakit upang maging epektibong guro sa tahanan. Kaya't dapat hikayatin ang iba pang magulang na maging bahagi rin ng pagkatuto ng anak.

Inirerekomenda na ang mga magulang ay maglaan ng regular na oras para gabayan ang anak sa pag-aaral at i-monitor ang progreso nito. Gumamit ng simpleng *home-learning strategies* tulad ng pagbasa kasama ang anak, paggawa ng *learning routines,* at pagbuo ng tahimik na lugar para sa pag-aaral. Para sa mga guro, magbigay ng malinaw at madaling sundan na instruksyon para sa mga takdang-aralin upang madali itong matulungan ng mga ina. Panatilihin ang bukás na komunikasyon sa mga ina sa pamamagitan ng regular fidbak tungkol sa performans at pag-uugali ng bata. Para naman sa DepEd, maglunsad ng program ana tutulong sa mga ina sa na ipaliwanag ang pagkakaroon ng *home learning strategies, child psychology,* at positibong pagdidisiplina. Paigtingin ang programang PTA upang mas mapalakas ang ugnayan ng paaralan at pamilya. Sa lokal na pamahalaan (LGU) at komunidad, maglaan ng badyet para sa learning corners, library hubs, at kagamitang pang-edukasyonal para sa mga pamilyang may limitadong mapagkukunan. Sa mga mananaliksik, maaari pang magsagawa ng mas malalim na pag-aaral tungkol sa papel ng mga ina. Magtutok sa aktwal na karanasan ng mga ina sa pagtuturo sa kanilang anak, kabilang ang kanilang *coping strategies,* hamon, at pang-araw-araw na gampanin.

## Talasanggunian

Bandura, A. (1977). *Social learning theory*. Englewood Cliffs, NJ: Prentice-Hall.

Baniel, D.B., Bilangbilang, M.F., & Labadero, R.B.D. (2023). Homeschooling and parental involvement experiences of elementary pupils parents in times of pandemic. Capiz state University, Pontevedra Campus.

Bartolome, M.T. (2022) Parental Involvement in the Lens of Kindergarten Children. *Jurnal Pendidikan Bitara*) UPSI, 15, 211-221. Philippine Normal University.

Bartolome, M.T., Mamat, N. & Masnan, A.H. (2020). Exploring kindergarten teachers' perspectives in parental involvement in the Philippines. *Southeast Asia Early Childhood Journal,* 9(1): 44-58.

Bejarin, J.M.A., & Quezada, R.J.C. (2024). Implication of Parental Engagement to the Students in Home-School Learning (Pilipinas). *Asian Journal of Education and Social Studies,* 50(10): 119-135.

Bonilla, M.T., Camo, J.G., Lanzaderas, R.A., Lanzaderas, R.A. & Bonilla, A.H. (2022). Parental Parental Involvement on Child's Education at Home during COVID-19 Pandemic. *International Journal of Humanities and Education Development*, 4(3): 6–13.

Bowlby, J. (1969a). *Attachment and loss: Vol. 1. Attachment*. Basic Books.

Bowlby, J. (1969b). *Attachment and Loss: Vol. 1. Attachment*. New York: Basic Books.

Bronfenbrenner, U. (1979). *The Ecology of Human Development: Experiments by Nature and Design*. Cambridge, MA: Harvard University Press.

Cudillo, C.J.A., Mutya, R.C.A., & Mauricio S. (2022). Parents' Challenges and Their Child's Academic Performance in Science in the Modular Distance Learning. *European Journal of Education Studies,* 9(7).

Dealagdon, I.T. (2021). Modular Learning: Struggles and Coping Mechanisms of Mothers Not Speaking Mother Tongue. *Journal of Learning and Development Studies*, 1(1).

De Leon, M.P.E. (2012). Methods and Practices of Urban Filipino Parents in Promoting Mabuting Asal among Preschool Children Social Science Diliman. *Philippine Journal of Society and Change,* 8(2): 41–66.

Esnera, M.B. (2025). Collaborative school-community partnering situation in a central school: basis for the creation of a partnership initiative. *Pantao: The International Journal of the Humanities and Social Sciences*.

Gaytos, M.G. (2018) Exploring the Early Literacy Practices and Experiences of Mothers. *International Forum Journal*, 21(2).

Gutierrez, A., & Luzon, M.A.C. (2019). School-Community Partnership in Governance and School Development of Nuevo Paraiso Elementary School. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2M).

Friales, W.C., Quemado, L.G., & Bayog, S.B. (2022). Home learning facilitation off parents on their children in the modular learning modality. *International Journal of Qualitative Research,* 1(3).

Jabar, M.A. (2011). Filipino mothers' involvement in children's education: Experiences and challenges. Conference Proceeding. Teachers Helping Teachers p. 25-32.

James, K.C. (2020). Mothers have an impact that goes far beyond their families. The Heritage Foundation.

Knowles, M.S. (1950). *Informal Adult Education: A Guide for Administrators, Leaders, and Teachers*. New York: Association Press.

Lirio, G.A.C. Gutlay, O.L., & Reyes, Z.Q. (2022) Filipino Mothers' Involvement in Children's Education in the New Normal. *European Online Journal of Natural and Social Sciences: Proceedings,* 11(1).

Liu, S. (2021). Family engagement in the home-based learning mode: an enlarging divide in education. *Social Transformations in Chinese,* 17(2): 92-100.

Manalo, E.T. Yumang, E.L., & Almazan, R.C.M. (2023). Parental Involvement and Students' Engagement in Modular Learning Environments. *International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis,* 6(5).

Murphy, S., Danaia, L., Tinkler, J., & Collins, F. (2023). Parents' experiences of mathematics learning at home during the COVID-19 pandemic (Internasional). *Journal Educational Studies in Mathematics.*

Polinar, R.S., & Gemota Jr., M.C. (2025). From home to classroom: experiences of beginning teachers in the Philippine Education System. *International Journal of Research and Innovation in Social Science,* 9(5): 5743-5748.

Santiago, J.S., & Marquez, M.F. (2025). Parental involvement in early childhood education in the division of Northern Samar. *Journal of Education, Learning, and Management*, 2(1): 40-44.

San Jose, A., Concepcion, M.G.R., & San Jose, B. (2022). Mothers as teachers new role of mothers in the new normal. *Journal of Learning for Development.* 9(2).

Simbre, A.P. (2021). Exploring the Experiences of Filipino Parents on Distance Learning During COVID-19 Pandemic. *ASEAN Journal of Education,* 7(2).

Suatengco, R.T., & Florida, J.S. (2020). Family literacy in a low-income urban community in the Philippines. *Journal of Early Childhood Literacy,* 20(2).

Villanueva, M.E.L.K., & Olegario, L.C. (2024) Parental Involvement in the Remote Learning of Young Children with Academic Difficulties During the Pandemic.